

# Nasa Baraha

U Z. ELISERIO

**Philippine Humanities Review**
Volume 15 Number 2, 2013, pp. 108-118
ISSN-0031-7802
©2013 University of the Philippines

# NASA BARAHA

U Z. ELISERIO

Buong buhay ko, umiikot sa baraha. Mula sa sugal hanggang sa laro ng cards, dinodomina ako ng mga kartong parisukat. Ang mga baraha'y tanda ng pamilya at pagsasama, kapalaran at kasiyahan. Para sa iba, pagsasayang ito ng oras. Para sa akin, dito nakasentro ang mga makahulugang punto ng panahon ko sa lupa.

Sugarol ang tatay ko. Siya dapat ang nagbabantay ng tindahan namin, pero madalas pag-uwi ko galing eskwela, dinadatnan ko siyang naglalaro ng baraha. Minsan sa harap ng tindahan namin, minsan sa likod ng apartment ng tita ko. Minsan naman, sa garahe ng apartment ng mga Apolinario. Hindi niya sinasara ang tindahan kahit na sa nalalayo siya ng laro. Madalas namang may naiiwang bantay. Halimbawa, ako. O kaya, pinsan ko. Pero kahit naman walang bantay, wala namang magnanakaw sa amin. Lahat magkakaibigan. Lahat, sugarol.

Andiyan si Mang Cento, na pinagbawalan ng tatay kong mag-Pangasinense 'pag kalaro nila ang pinsan nito, kasi nga raw, nagkakadayaan. Andiyan ang Manang Tere ko, nangungupahan sa bahay ng tita ko, na nang mag-maternity leave ay sugal ang naging hobby. Andiyan si Aling Basya, na madalas ay hindi sumasama sa business nila sa palengke ng Munoz ni Mang George kasi nalilibang sa baraha. At Andiyan ang magkapatid na Apolinario, si Mang Jerry at Mang Jacob, na palibhasa'y mayaman kaya okey lang ang matalo.

Piso-piso lang ang taya. Pero buong araw silang maglaro, kaya umaabot nang isang daan, dalawang daan ang kinikita ng pinakamagaling dumiskarte. Circa 1990s ito, hindi iyon basta-bastang pera.

Pag manalo, iinom. Pag matalo, iinom pa rin. Ito ang buhay ng tambay. Iyon ang kanilang pinakamalaking pusta: na wala nang mas mabigat na gawain sa mundo kundi ang magpakasaya.

Noong bata ako, Pusoy Dos ang laro nila. Nang mag-elementarya, Chikacha. Tong-its naman nang tumuntong ako ng hayskul. Pwede kong markahan ang buhay ko ayon sa kung anong uri ng laro ng baraha ang pinagkakaabalahan ng tatay ko. At nang lumaon, ako. Pero nauuna na ako sa kuwento.

Magaling ang tatay ko. Laging siya ang panalo. Minsan nga, nagkakaroon ng initan ng ulo kasi merong mga 'di makatanggap ng pagkatalo. Minsan, galing sa eskwela'y nagsisigawan sila pagdating ko sa tindahan. Si Mang Danny ang kontrabida, kumpare ng tatay ko na makapal ang kilay at maliit ang titi (sabi ng asawa niyang si Faith). Sabi ng tatay ko, "Dito pa sa teritoryo ko." Hindi ko na maalala kung bakit walk out king si Mang Danny. Basta, ang alam ko, nung sumunod na linggo, kasama na ulit siya sa pagsusugal.

Ang tatay ko ang pinamatanda sa lahat ng sugarol. Kaya naman minsan, nakakatakot. Isang beses, sa likod-bahay ng apartment ng mga Apolinario siya naglalaro. Isang dayo at si Mang Kabayo ang kalaro niya. Hindi naman talaga Kabayo ang pangalan ni Mang Kabayo, iyon lang ang tawag ko sa kaniya, kasi ang tangi kong naalala sa kaniya, bukod sa kuwentong ito, ay ang paglalarawan sa kaniya ng tatay ko bilang "kayod kabayo." Sa araw na 'yon, ang tatay ko ang nananalo. Kaso, kailangan na niyang umalis. Ayaw siyang paalisin ng dalawa niyang kalaban. Nagkataaasan ulit ng boses. Buti na lang andun si Mang Ronnie Lazaro. (Na hindi naman talaga iyon ang pangalan, bininyagan ko lang na ganun kasi parehong matulis ang bigote nila.) Ang naging kuwento sa inuman, tensyonado na nga, pero nang sabihin ni Mang Ronnie Lazaro na, "Ano ka ba, Kabayo, si Mang Nonoy 'yan," ay umatras naman ang dalawa sa panggugulo.

Kakabit ng sugal ang inuman. Mga ala-una ng hapon nagsisimula ang paglalaro, at gabi na matatapos. Tuloy sa inom ang mga sugarol, sa tindahan namin. Araw-araw, sugal-inom. Puwedeng tingnan bilang pagpapalakas ng publicity ang pagbabaraha ng tatay ko. O, tulad din ng pagkahilig sa alak, pagiging adik na ito. Hindi naman nakakabaliw, wala namang patayan na kahahantungan. Pero, 'di puwedeng lumipas ang isang araw nang wala nito. Nangungulila ka e. Iyon ang pakiramdam ko.

Ako, hindi magaling sa baraha. ‘Pag kami ng mga pinsan ko ang naglalaro, talo ako. Hindi ko alam kung bakit. Nung ‘di pa ako matanda, madalas akong magmiron. Nung puwede pa ngang payagan kasi cute kasi bata, sinasabi ko kung ano ang mga nasa kamay ng kalaban ng tatay ko.

Ako, kahit kita ko ang kamay ng mga kalaro, nagkakamali. Masyadong excited, nagmamadali. Sa totoo lang, kung saan mahusay ang tatay ko, doon ako pulpol. Hindi ako marunong magbaraha. Tuwang-tuwa ako sa paghahalo ng mga pitsa, pero olats ako sa majong. Hindi rin ako mahusay sa mga “panlalakeng” gawain. Nito lang, nawasak ko ang bahagi ng aking bintana nang subukan kong magmartilyo ng pako sa pader. Noong bata ako, ‘pag may proyekto sa Shop, tatay ko ang gumagawa. Siya ang may gawa nung clown na umiikot, ng mga joints. Siya ang nag-weave ng basket kong pula-asul-puti. Siya ang lumikha ng dustpan ko’t flashlight. Ang tatay ko rin ang mahilig sa damit. Hanggang ngayon, kahit sa akin na galing ang pera, ang tatay ko pa rin ang bumibili ng mga sinusuot ko, polo shirt, pantalon.

Puwera siguro sa nanay ko nung sanggol pa ako, sa baraha ako unang nakakita ng hubad na babae. Ganito ang nangyari: Nagpadala ang Ninong Goryo ko mula sa Amerika ng mga set ng baraha na porno. Minsan, napadalaw ang pinsan ko. Kami ang naging bantay ng tindahan habang nagsusugal ang tatay ko sa apartment ng mga Apolinario. Hindi ko tinitingnan ang mga barahang porno, siguro kasi sabi ng nanay ko, bawal. Pero ang pinsan ko, matapang. Sabi niya, titigasan daw ako. Kunwari pa akong hindi interesado nang iabot niya. Pero nang umalis siya, at sunod-sunod na pagkatapos nun, basta ako ang nagbabantay ng tindahan, tingin ako nang tingin sa mga babaeng hubad. Tingin din ako nang tingin sa labas, kasi baka may bumibili pala, o di kaya’y tapos na ang laro at inuman session na.

Bukod sa mga may larawan ng babaeng hubad na pangsugal, may iba pang uri ng baraha sa buhay ko. Ang una’y iyong mga pirata, kasinlaki ng panlarong baraha pero ang larawan ay X-Men, base sa komiks ng Marvel sa Amerika. Elementarya ako nang unang bumili ng isa nito. Naalala ko ang card na iyon, si Wolverine. Tuwang-tuwa akong malaman mula sa card na mabilis siyang maghilom, na mukha lang siyang bata pero matanda na, na meron siyang adamantium alloy na buto, na maaaring tatay niya ang kalaban niyang mortal na si Sabretooth. Ang nanay ko, nang malamang mahilig ako sa cards, binilhan ako ng uncut sheets mula sa Divisoria. Para makatipid, kasi nga mas mahal pag tingi-tingi ang bili sa tindahan. Kami ang gumugupit.

Sa simula, inilalaro ko pa ang mga cards ko. Sa teks, iyong laro. May pamato ka, may pamato ang kalaban mo, may panabla sa gitna. Ihahagis sa ere, maiba panalo. May mahika sa larong ito. Meron daw mga characters na mas mahusay na pamato. At meron daw sistema kung saan mo dapat inilalagay ang pamato at panabla, at may estratehiya sa pagpitik papunta sa hangin. Kung meron man, hindi ko matagpuan. Kaya tumigil na rin ako, sarili ko na lang ang kalaro ko. Ganito rin ang nangyari nang mahilig ako sa teks na maliit. Iyong may mga eskena mula sa pelikula, kadalasan action, ta's may number para alam mo ang pagkakasunod-sunod.

Dalawang beses nagulo ang buhay ko dahil sa cards. Noong una'y nasa elementarya pa lang ako. Malamig ang panahon kaya nag-iinit kami ng tubig pampaligo. Tuwang-tuwa ako sa usok. Dahil medyo matanda na, siguro mga siyam o sampu na ako nito, ako na ang nag-aayos ng sarili kong pampaligo. May balde ng tubig na malamig, at sa ibabaw nito ang aking tabo. Hawak ang takure, sa tabo ko ibinuhos ang kumukulong tubig, kasi gusto kong tingnan kung matutunaw ang plastik. Hindi naman. Ibinalik ko sa ibabaw ng stove ang takure, bumalik sa banyo at naghubad. Ganito ako maligo: binti muna ang binabasa ko. Kaya ayun, binti ko lang ang nalapnos. Nakalimutan ko palang itimpla ang kumukulong tubig sa malamig.

Pagkatapos siguraduhing hindi ko ikamamatay ang pagkalapnos, pinagalitan ako ng nanay ko. Sabi niya, dahil daw puro cards na lang ang nasa isip ko, kaya ko napapabayaan ang aking sarili. Hindi na ako nangatwiran. Lapnos na nga e.

Ang ikalawang beses, teka, mahabang kuwento ang ikalawang beses ng pagkagulo. Simulan natin sa ikalawang taon ng hayskul. Nauso sa amin sa UP Integrated School ang Magic. Sa Magic, merong kanya-kayang deck ng cards ang bawat manlalaro. Isa kang salamangkero, at ang mga baraha mo'y halimaw at iba't ibang uri ng sumpa. Meron kang duwende at dragon, 'tsaka kidlat at bola ng apoy. Naadik ako rito. Lahat ng pamasko, dito ko ginagastos. Lahat ng perang bigay 'pag birthday. Lahat ng ipon. Pero kahit anong gawin ko, kulang pa rin ang cards ko. Iyong mga mayaman kong classmate, mas marami silang nabibili, kaya mas mahusay ang deck nila. Pero kahit laging talo, laro pa rin ako nang laro. Hindi naman pagkapanalo lang ang layunin mo sa paglalaro e. Andiyan ang tunog sirang-bentilador ng mabilis na pagbabalasa. Andiyan ang sorpresa sa bawat barahang bubunutin. Andiyan ang misteryo sa mga mata ng kalaban mo.

Isa pa, sa edad na iyon, puno ako ng enerhiya. Nariyan ang tawag ng pagjajakol, at ang pagbabawal ng, bilangin natin, Simbahan, pamilya, lipunan, moralidad, Diyos, sa kahit anong may kinalaman sa libog. Pero may pagkakataong naiiyak ako pagkatapos magjakol, ta's titingnan ko Iyong Magic cards ko, may mga salita tulad ng "Summon Demon" at "Dark Ritual," at sasabihin ko sa sarili ko, hindi, hindi Satanista ang Magic, ang tunay na masama ay pagjajakol. Sa kolehiyo ko lang natutunan na pareho pala silang mabuti. Na ang tunay na Satanista'y ang paniniil sa kalayaan. O sige na, tama na ang sermon.

Ito na ang kuwento ng ikalawang paggulo ng cards sa buhay ko. Pasko ng unang taon ko sa kolehiyo. Marami ulit akong pera. May lumabas na set ng Magic, ang tawag ay Anthology. Isang libo't limang daan bawat isang box. Bumili ako ng isa. Gusto kong bumili ng tatlo pa, para makumpleto ang set ko (sa Magic kasi, dapat apat ang kopya mo ng bawat card na gusto mo). Ayaw ng nanay ko. Sayang daw ang pera. Sabi ko, pera ko naman 'yon. Dalawang linggo ng Disyembre ang hindi namin pag-uusap. Pasko, 12 am ng 25, kami nagbati. Hindi ko binili ang tatlo pang box ng Anthology.

Ikalawang taon ko sa kolehiyo nang ma-stroke ang tatay ko. Hindi naman siya naparalisa, pero natigil ang pagsusugal niya. Kahit nung gumaling na siya, madalang na siya sa paglalaro. Ang sabi ng nanay ko, baka raw kasi isang beses ay malaki-laki ang natalo. Puwede pala iyon, isip ko noon, puwede palang matalo ang tatay ko. Isang taon pagkatapos kong grumadweyt, binili ng tita ko ang lote ng kaniyang mga kapatid, kasama ang tindahan namin, para magpagawa ng mas malaking bahay. Wala na ang tindahan namin ngayon, wala nang nagsusugal, wala nang umiinom.

Wala nang naglalaro.

Pero ako, tuloy pa rin sa cards. Nang magkatrabaho ako, bili ako nang bili ng box ng Magic. Kahit wala akong makalaro. Nasa kuwarto ko lang sila, nasa loob ng plastic box. Kasama na rin dun ang iba pang box ng ibang card games, ng Star Wars at Star Trek. Itong huling dalawang laro ay mas mahal, kasi sa Internet ko pa inorder, ta's may bayad pa ang pagpapa-cargo papuntang Pilipinas. Iyon ngang Star Trek, kinulit ko pa iyong estudyante ko dati sa UP Los Baños na ngayon ay nag-aaral sa Amerika. Ang ate ko ang umorder, pero sa estudyante ko ipinadala, sa California. Ta's, kasama ng mga padala niya dito sa Pilipinas, iniligay ang aking cards sa balikbayan box. Ilang buwan kong hinintay, at sinundo ko ang mga baraha sa bahay ng mga magulang ng estudyante ko diyan sa may

Teacher's Village. Mga limang kilo ang bigat, buti na lang nagboluntaryo ang kapatid ng estudyante ko na ihatid kami sa SM sakay ng kaniyang kotse. Kundi, nakita siguro ng kasintahan ko kung paano ako magkaalmoranas. Sa Star Wars, natuto na ako. Sa Abu Dhabi ko pinapadala, sa office ng kuya ko. Siya na ang nagpa-cargo dito, kasama naman ang balikbayan box ng tita namin.

Siguro'y mga 100,000 na ang nagastos ko sa cards. Isang daang libo! Exag 'yan, siyempre. At hindi lahat sila nariyan pa. Iyong koleksiyon ko ng Magic mula sa hayskul, ibinigay ko sa pamangkin ko. Iyong iba, nawala sa paglipat namin ng bahay. Iyong iba, na-Ondoy. Iyong iba, nagkamaling naitapon ng kasambahay. Ang mga natira, nakatengga lang sa kuwarto.

Iyon ngang sinimulan ko ngang kolektahin nang magkaroon ng trabaho, muntik ko nang ibenta nito lang. Lahat ng baraha, sa halagang limang libo. Bibilhin dapat ng pinsan ko. Aanhin ko ang pera? Bibili sana ako ng—ibang cards. Iyong Star Trek cards, pera ko pa ang pinambili ko dun. Pero iyong Star Wars cards, inutang ko sa nanay ko ang panggastos. At 'di lang 'yon, kasama ng pangakong magbabayad ay ang pangakong hindi muna ako iinom ng Coke at—hindi ako kahit kailan magsusulat tungkol sa incest ng mag-ina.

Siguro iisipin ng marami, nagwawaldas ako ng pera. Iyon ang komento ng tatay nung estudyante ko nang panoorin niya akong subukang buhatin ang kilo-kilo kong baraha. "Para saan 'yan?" Binayaran ko siya ng tatlumpung dolyar para sa pagdeliver at sinabing, "Laruan po." Kahit ang mga kaibigan kong mahilig magbasa, i.e., nerd, ibig sabihin ay hindi "normal" ang mga pinagkakagastusan sa buhay, i.e., libro, ay nagtataka sa aking pagbili nang pagbili nang pagbili. Pero kaya ko binanggit ang mga kaibigan kong bumibili ng libro. Kami kasing mga nerd, madalas tanungin ng mga taong di-hilig ang pagbabasa, "Maganda ba 'yan?" O, "Bakit ka nagbabasa?" Ang madaling sagot sa mga ganung klaseng tanong ay: "Kinang ina mo." Ang mas diplomatiko ay: "Masarap ito. Subukan mo minsan." Kung sa sugal, ang layunin ay hindi naman manalo talaga kundi maglaro, sa cards, ang layunin ay hindi rin para manalo, hindi rin para maglaro, ang layunin ay bumili. Mas epekto ng nostalgia, kasi nga mulang kabataan ko, baraha at teks ang nasa paligid ko. At may kaunting pagpapalubag-loob. Marami akong hindi kayang kontrolin sa buhay ko, halimbawa na ang nakaraan, pero puwede kong bilhin, puwede kong pagkagastusan itong walang ibang tao ang nakakaintindi. Marka ito hindi lang ng aking pagiging iba sa lipunan, kundi ng aking kalayaan. Pero tama na 'yan, ayokong magsermon.

Gusto ko lang, maging masaya. Iyon naman ang silbi ng baraha. Kahit iyong mga hindi panlaro. May dalawang ganyang uri ng cards ang pumasok din sa buhay ko. Nung hayskul ako, bumili ako ng ibang uri ng cards. Iyong pang-magic tricks. Bale, iyong buong deck, kalahati ay seven of diamonds. Mas maikli ang mga ito, kaya madaling mahalata ng magician. Ang trick ay iyong "pick a card, any card" na tipo. Ang mapipili ng pinapabunot, kung tama ang pag-alok, ay ang seven of diamonds. Isisingit iyon sa gitna ng mga baraha. Pag tama ang naunang balasa, isang tapik lang ay, magic, mapupunta sa pinakataas ng deck. Binili ko ang mga barahang ito sa isang shop sa SM, o sa Cubao, hindi ko na maalala. Ang naalala ko'y ang dahilan kung bakit ko binili: kasi gusto sa mahika, gusto ko ng mga nakamamangha. Gusto kong mapa-"wow" ko rin ang ibang tao. Gusto kong itatanong nila sa akin kung paano ko pinalipat ng lugar ang seven of diamonds.

Madali lang naman ang mga instruksiyon, inakala kong magagawa ko ang magic trick. Maling akala. Halos lahat nahalata ang pagiging mas maikli ng kalahati ng deck. Katiting lang, pero kita nila. At iyon namang mga hindi nakapansin, hindi rin nakaranas ng salamangka. Kasi, mali ang pagbabalasa ko. Nakakatawa, wala na nga akong kalaban, pero talo pa rin ako. Ganun siguro akong tao, ganun siguro ang tadhana ko pagdating sa baraha. Laging olats. Kaya nga sa solitairre, nandadaya ako.

Ang tadhana kaya, nadadaya? Ang ikalawang uri ng cards sa buhay ko na hindi panlaro: Tarot! Iyong panghula. Iyong gamit ng tropa ni Madame Auring. Nitong 2007 ako bumili. Sa SM North. May kanto kung saan may limang shelves ang Fully Booked para sa tinatawag nilang New Age. Meron dung runes, merong libro tungkol sa geomancy, sa pagbabasa ng kamay, sa horoscope. Natural, sa baraha ako naakit. Merong iba-ibang uri ng drowing sa Tarot. Merong *Lord of the Rings*. Merong aliens. Merong mga anghel. Ang binili ko ay iyong may kasamang bag at maliit na libro. Matagal ko ring niligawan ang mga barahang iyon. Sa ilang kaibigan ko rin pinakita bago ko tuluyang bilhin. Maraming pumigil sa akin. Sayang daw ang pera ko. Nakakainis pakinggan, pero siguro marka lang 'yon na kilala nila ako. Mabilis kasi akong maakit, mabilis ding magsawa. Pero habang nasa baitang pa lamang ng pagkahumaling, todo-todo naman akong magmahal. Iyon lang ang tanging paraan na alam ko.

Kaya iyong Tarot, hindi ko sinabi sa pamilya kong bibili ako. May pagkakonserbatibo kasi ang nanay ko, palibhasa'y Katoliko. Meron ngang isang beses, muntik na niya akong pagbawalang maglaro ng Magic kasi napanood

niya ang isang dokumentaryo sa TV. Ang ate ko naman, noong hayskul ako't nasa kolehiyo siya't sa iisang kwarto pa kami natutulog, minsan nagbiro: naalimpungatan daw siya isang madaling araw at nakita akong naka-Indian sit. Bumubulong daw ako habang nakapikit: "Magic ang Diyos, Magic ang Diyos."

At dahil ayokong maasar ng "Tarot ang Diyos, Tarot ang Diyos," sa mga kaibigan ko lang pinaalam ang interes ko sa mga barahang ito. Pagkatapos kong bilhin, mag-isa lang ako para walang kumontra, sumakay agad ako ng jeepney papuntang Quiapo, pumara sa Pantranco at naglakad papuntang Roxas. Pagdating sa bahay, umakyat ako agad sa kuwarto at, hindi ko talaga ito gawain, inilock ko ang pinto. Ang turing ko sa mga barahang nasa loob ng kahon na nasa loob ng supot ng Fully Booked ay parang kahon ni Pandora, o 'di kaya'y Ark of the Covenant, merong misteryosong puwersa na maaaaring makapaminsala, kung ilalabas ko ang mga ito. Pero inilabas ko pa rin.

Maganda ang pagkakadibuho sa mga larawan. Babae ang bida ng kuwento sa libro na nagpapaliwanag ng mga drowing sa baraha, drowing ng babaeng bida. Ang ibig sabihin nitong barahang ito'y pagdedesisyon. Ito naman, pagbabalik. Ito naman, pagkakaroon ng katuwang sa buhay. May diagram din sa libro. Kung paano isaayos ang mga baraha pagkatapos balasahin para simulan na ang panghuhula.

Marunong ba akong manghula? Hindi.

Ang Tarot cards ko, ni minsan 'di ko binalasa. Pagkatapos basahin ang maliit na librong kasama nila, binalik ko silang lahat sa kahon at inilagay muli sa supot ng Fully Booked. Nasa kabinet ko ang mga ito, hanggang ngayon, hindi ko na sila tiningnan pang muli.

Dahil natakot ako? Sa demonyo, dahil sa mga masamang espiritu? Hindi, hindi. Nagsawa ako. Pagkatapos ng isang araw, nagsawa ako.

Hindi lang kasi iyon ang unang enkuwentro ko sa Tarot. Noong 2002, may nakilala akong babae. Nakatext ko siya, at minsan lumabas kami. Ilang buwan ang nasa pagitan mula nang aming unang pagkikita at ng date na iyon. Excited na excited ako, sa Farmers sa Cubao, nagbihis pa nga ako kasi buong araw ako sa school. Nambalya ako sa MRT, hapon na kasi at marami akong kakumpetensiya sa pagpunta sa Ayala. Pagdating sa Glorietta, halos tumakbo ako papunta sa kitaan namin sa may sinehan.

Ang nakita ko'y may pomada sa buhok. Hindi na siya ang nakilala ko noon na naging crush ko. Hindi na siya ang nagpapadala ng mga text na kahit puno na ang inbox ko'y ayaw kong burahin. Tumuloy kami sa sinehan, *Bringing Down the House* ang pelikula. Naalala ko kasi comedy dapat ito, pero hindi nakakatawa, kasi ang akala yata ng mga producer ay magsalita lang nang malakas si Queen Latifa nakakatawa na, kaya hindi nila pinalagyan ng mga jokes sa mga manunulat. Pero iyong date ko, tawa nang tawa.

Pagkatapos, pumunta kami sa kapihan. Sa McCafe. Naalala ko kasi hindi pa uso ng mga panahong ito, para sa akin, ang mga kapihan. Ang mahal ng kape, kasing-mahal ng sine. Walang libre-libre. Sa totoo lang, gusto ko nang umuwi, pero gusto ko rin na sana umokey ang gabi, na magkaroon ng spark. Inilabas ng date ko ang kaniyang Tarot, at sinimulan akong hulaan. Ayun, meron daw akong pinag-iisipang desisyon. At meron daw apat na matandang espiritu na nakapaligid sa akin. Mag-ingat daw ako, kasi hindi man sila masama, hindi mabuti ang hangarin nila sa akin. Isang oras pa yata ang dumaan bago ko siya hinatid sa sakayan.

Akala ko, cool siya kasi manunulat din. Akala ko, sopistikada kasi mas matanda sa akin. Siguro, na-romanticize ko lang siya sa utak ko sa mahabang panahon sa pagitan ng aming unang pagkikita at unang date. O: gago lang ako.

O, tadhana ko ang maging mag-isa. Iyon ang nakasulat sa aking palad, iyon ang nasa baraha.

Nitong Oktubre ng 2008, online cards naman ang sinimulan kong laruin. Sa Stargate, ang nagastos ko na'y 6500. Sa Magic, 2500. Masarap kasi. Kaso lang, birtuwal, nakikita ko lang, 'di ko nahahawakan. Medyo tumigil muna ako sa pagbili kasi wala na akong pera dahil bumukod na ako sa mga magulang ko. Pero tuloy pa rin ako sa laro. Mas maganda ang online card games, kasi lagi kang may kalaro. Puwede ring computer ang kalaro mo, kung katulad kitang takot sa tao.

Ibang-iba sa tatay ko. Ang mga baraha niya kasi, walang silbi kung walang ibang tao. Kailangan niya ng kalaro. Ako, ang silbi ng cards ko'y protektahan ako laban sa gulo ng mundo. Ang gusto kong mundo'y mundo ng pantasya. X-Men nga e, tsaka Pinoy action films, tsaka mahika, at saka sansinukob ng science fiction. Dito, walang puwedeng mang-away sa akin. Kung meron mang bastos

na Amerikano, pipindutin ko lang ang Block User at mawawala na sila sa screen. At ang computer, mabait na kalaro. Laging ako ang panalo.

Walang mahika rito, walang salamangka. Simple lang kasi, ayaw ko sa tao. Pero, ang siste, pareho lang kami ng tatay ko, pareho lang ng mga kalaro niyang tambay noon. Ito ang tadhanang nabasa ko sa Tarot. Na wala na akong puwedeng habulin pa sa buhay kundi ang pagpapakasarap. Hindi man ako lasenggo, sugarol din akong matatawag. Ito ang aking pusta, na puwedeng maging masaya kahit mag-isa. Na, minsan pa nga, at hindi lang minsan, ang pagkakaroon ng tao sa buhay ang malaking hadlang sa inaasam kong ligaya.